# {Nagtanong ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung aling pagkakasala ang pinakamabigat sa ganang kay Allāh. Nagsabi siya: "Na gumawa ka para kay Allāh ng isang kaagaw samantalang Siya ay lumikha sa iyo

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagtanong ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung aling pagkakasala ang pinakamabigat sa ganang kay Allāh. Nagsabi siya: "Na gumawa ka para kay Allāh ng isang kaagaw samantalang Siya ay lumikha sa iyo." Nagsabi ako: "Tunay na iyon ay talagang mabigat." Nagsabi ako: "Pagkatapos alin po?" Nagsabi siya: "Na pumatay ka ng anak mo; nangangamba ka na kakain siya kasama mo." Nagsabi ako: "Pagkatapos alin po?" Nagsabi siya: "Na makipangalunya ka sa ginang ng kapit-bahay mo."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Tinanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pinakamabigat sa mga pagkakasala kaya nagsabi siya: Ang pinakamabigat sa mga ito ay ang Malaking Shirk. Ito ay ang paggawa para kay Allāh ng isang katulad o isang katapat sa pagkadiyos Niya o pagkapanginoon Niya o mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Ang pagkakasalang ito ay hindi patatawarin ni Allāh malibang sa pamamagitan ng pagbabalik-loob. Kung namatay ang tagagawa nito rito, siya ay pamamalagiin sa Impiyerno. Pagkatapos ang pagpatay ng tao ng anak niya dala ng takot na kumain ito kasama niya. Ang pagpatay ng tao ay bawal subalit bibigat ang kasalanan nito kapag ang pinatay ay may ugnayang pangkaanak sa pumatay at bibigat din ang kasalanan nito kapag ang pinakay ng pumatay ay ang pagkatakot na makilahok sa kanya ang pinatay sa panustos ni Allāh. Pagkatapos makipangalunya ang lalaki sa maybahay ng kapit-bahay niya sa pamamagitan ng pagtatangka ng pag-akit ng maybahay ng kapit-bahay niya nang sa gayon mangalunya siya rito at maakay ito sa kanya. Ang pangangalunya ay bawal subalit bibigat ang kasalanan nito kapag ang kinakalunya ay maybahay ng kapit-bahay, na nagtagubilin ang Kapahayagan ng paggawa ng maganda sa kanya, pagsasamabuting-loob sa kanya, at kagandahan ng pakikisama sa kanya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee